Chapter One

Life doesn't always throw us lemons. Sometimes it throws rocks. In Murphy Grace's case, it was a text message.

"I'm sorry, Murphy. But it's not working anymore. I think it will be best if we call the engagement off."

"Hah!" singhal niya.

Biglang nagpreno ang taxi driver. Nilingon siya ng matandang lalaki. "Miss, okay ka lang ga?"

Nag-init ang kanyang buong mukha.

"O-okay lang ako, Manong. Pasensya na po," aniyang hindi makatingin dito nang derecho.

"'Ala, eh, bababa ka na ga?"

Umiling siya. "Derecho po tayo."

Pumalatak ito at sa hitsura ay gusto pa siyang sermunan. Sa halip ay pinaandar na lang nitong muli ang sasakyan habang iiling-iling.

Lihim siyang nagpasalamat na hindi na nagsalita pa ang taxi driver. Sagad na ang pasensya niya. Hindi niya gustong ibunton sa walang kamalay-malay na matanda ang init ng ulo.

Sino ba naman kasi ang hindi manggagalaiti kung makatanggap ng breakup text mula sa boyfriend?

Through text message! Imagine that! Wala man lang lakas ng loob ang kumag niyang boyfriend—correction, ex-boyfriend—na makipag-break sa kanya nang personal. Ang masaklap pa, umabot na sa two hundred thousand

pesos ang perang inutang nito nang paunti-unti mula nang magsimula sila bilang magkasintahan. Ni singkong duling ay walang naibalik sa kanya si Arthur.

Ngayon siya nagsisising hindi nakinig sa payo ni Pippa. Mula pa sa simula ay hindi na nito gusto ang lalaki. Nakita kasi kaagad ng kanyang kaibigan ang hindi magandang ugali ni Arthur.

"He's arrogant. Remember the week he courted you? He says the sleaziest pick-up lines. He never calls you unless it's after ten in the evening. He may look perfect to you now, but soon he'll show his true color. Believe me, Murphy. He's not good for you."

Aminado siya ngayon na tama si Pippa. Nagsisisi siya kung bakit hindi nagtiwala sa instinct nito.

Nagkakilala sina Murphy at Arthur sa Bohol nang magpunta siya roon upang mag-shoot ng materials para sa kanilang travelogue magazine. Ito naman ay naroon para sa one-week team-building event ng advertising company kung saan ito nagtatrabaho bilang isang advertising account executive.

Looking back, hindi na niya matandaan kung anong qualities nito ang umakit sa kanya. Sa isang taon ng kanilang relasyon, palaging siya ang nagbibigay. When he's in a sour temper, he would react even to the most stupid of arguments and point out the littlest, trivial things that displeased him. Ang kaibahan lang ni Arthur sa ibang nanligaw sa kanya, ni minsan ay hindi ito nag-demand na mag-sex sila. They never went past torrid kissing. Kaya naman nagawa pa rin niyang pagpasensyahan ang hindi magandang ugali nito at ang hindi magandang habit nito.

Mahilig mangutang ng pera si Arthur. Nagsimula sa paisa-isang libo hanggang sa maging ten thousand at nitong huli ay fifty. Sa loob ng pitong buwan na magkasintahan sila, inabot ng two hundred thousand pesos ang nautang nito sa kanya. Hindi nagtanong si Murphy ng tungkol sa pera. Ang sinabi ni Arthur ay may mga kapatid itong pinaaaral sa probinsya. Naintindihan niya kung bakit madalas ay gipit ito.

Money was never an issue with her, anyway. Hindi siya mayaman pero sarili niya ang perang kinikita at hindi siya maluhong tao. Handa siyang magbigay hanggang may maibibigay siya. Malay ba niyang matagal na siyang niloloko ng nobyo? Hindi na siya magtataka kung malaman niyang sa halip na kapatid ay asawa at anak ang binubuhay nito sa probinsya.

"Hmph, I don't care! Good riddance to him," Murphy mumbled. She was just upset and angry with herself. Ang akala niya ay si Arthur na talaga ang lalaking pakakasalan niya.

"Tarantadong 'yun!" Muling napatingin sa kanya ang taxi driver. Napasulyap siya sa labas ng bintana. Malapit na siya sa bar kung saan sila magkikita ng kaibigang si Pippa. "Manong, sa tabi na lang po."

Itinabi ng matandang lalaki ang sasakyan sa tapat ng entrance. Matapos niya itong bayaran ay pumasok na siya sa bar.

It was a typical bar; crowded, dimly lit, with a liquor counter at one end and an elevated stage at the opposite side. Nakakita siya ng bakanteng mesa malapit sa stage. Um-order siya ng dalawang *San Mig Lite* at sizzling sisig. Mababa ang tolerance level niya sa alcohol. On occasion,

she never drank more than one bottle of light beer. Pero ngayong gabi ay gusto niyang magpakalasing para makalimutan ang katangahan. Hindi naman siya nag-aalala dahil darating si Pippa para samahan siya. Besides, she was too furious and disappointed to care.

Tumakbo ang oras hanggang sa maubos na niya ang isang bote ng light beer. Nawili siyang makinig sa live band. She was halfway through her second bottle when a man approached her.

"Grace?"

She turned toward the voice and frowned. Mataas ang lalaking nakatayo sa harap niya, taller than her five feet seven inches. The gray t-shirt he wore hugged his broad shoulders and chest, flat stomach and lean biceps. The faded jeans fitted his muscular legs like second skin.

Hindi pamilyar ang mukha nito sa dalaga. Hindi niya alam kung paano nitong nalaman ang pangalan niya.

Nakakiling ang ulo nito at nakatitig sa kanya, nakakunot pa ang noo na para bang kinikilala siyang mabuti.

"Yes?"

He tipped his head again to the other side, his eyes never leaving her face.

"I'm Luke. Kaibigan ako ng kuya mo."

It was Murphy's turn to frown. Hindi niya matandaang may naging kaibigan ang Kuya Thomas niya sa Manila. But then again, she didn't know a lot of her brother's friends except for Theodore who married her sister Faith less than two years ago.

The man extended a hand. Fine dark hairs sprinkled the skin along his arm. Wala itong suot na singsing. Wala

ring impression na minsan ay nagsuot ito ng wedding band. Ngumiti ito nang tanggapin ng babae ang alok nitong pakikipagkamay. Calloused palm brushed against her soft one, long fingers with short-clipped nails wrapped around hers in a gentle but firm grip. Marahan nitong pinisil ang kanyang palad bago iyon bitiwan.

She didn't know what caused her to gasp—his lazy, devilish smile or the unexpected surge of static from that brief skin-to-skin contact. Kahit binitiwan na nito ang kamay niya, nararamdaman pa rin ni Murphy ang masarap na kilabot na gumapang mula sa kanyang kamay paakyat sa braso niya. Wala sa sariling naipunas niya ang palad sa pantalon.

"Kanina ka pa ba?" Naupo ito sa harap niya.

The question puzzled her. She answered him, anyway. "Hindi naman." Her voice croaked. Isinalin niya ang natitirang laman ng bote sa baso at saka iyon ininom. Luke eyed the now two empty bottles of beer on the table.

Sumulyap siya sa wristwatch. Nasaan na ba si Pippa? Dapat ay dumating na ito fifteen minutes ago.

Dumaan ang isang waiter. Tinawag niya ito at um-order pa ng isang bote ng *San Mig Lite*. Isang order ng sisig, isang plato ng crispy pata at isang bote ng *Red Horse* beer ang in-order ng binata.

Tumunog ang kanyang cellphone. It was Pippa. Hindi na ito makakarating dahil nag-hyperventilate ang daddy nito at kailangang isugod sa ospital.

Napaungol si Murphy.

"May problema?" tanong ng binata.

Umiling siya. "I-it's just my friend. Dapat ay kasama ko siya ngayon, pero hindi na siya makakarating. Family

emergency."

"I see." He glanced at the empty bottles of beer. "You don't strike me as a habitual drinker. What are you celebrating?"

"Uhm… I'm not celebrating. Actually, I'm upset. Kaya ako umiinom." Hindi siya likas na mareklamo. Lalong hindi niya ugaling mag-rant sa isang estranghero. Pero may kakaiba sa binata na nag-uudyok sa kanya para mag-open up. "Do you know that my boyfriend broke up with me through text?" Sinundan niya iyon ng isang matabang na tawa. "And to think that I was dreaming of marrying the guy."

Nanatiling nakatitig lang ito sa kanya. His silence compelled her to go on. At dahil hindi na darating si Pippa, nakakita si Murphy ng bagong mahihingahan ng sama ng loob sa lalaki. It was odd to feel safe with him. But she did.

"Alam mo bang nagsimula na akong magplano para sa wedding namin? May wedding venue na ako. May napili na akong style para sa wedding gown ko. May listahan na rin ako ng wedding entourage. I even asked my best friend to be my maid of honor kahit pa ayaw niya kay Arthur. Isinama ko pa siya para mag-window shop ng wedding rings."

"Nag-propose ba siya?"

She laughed softly, the sound hollow to her ears. "Hindi pa. Nakakatawa, di ba? Ako ang mas excited na ikasal. Honestly, I was really expecting he'd propose."

"Mahal na mahal mo talaga siya?"

Malalim ang buntong-hininga na pinakawalan ni Murphy. "Sa totoo lang, hindi ko alam. I can tolerate his

bad manners. I guess he can tolerate me, too. Wala siyang masyadong restrictions sa akin. Hinahayaan niya ako sa gusto ko. Sa tingin ko, maayos naman ang relasyon namin." Kunot-noong tumitig siya sa mga mata nito. "I haven't had sex with him, though."

Bigla itong umubo.

"I don't think I wanted to, anyway," she added. Pinaikot ni Murphy sa ibabaw ng mesa ang walang lamang baso.

"Sabihin mo nga sa akin, kung hindi ka siguradong mahal mo siya and you don't think you want to have sex with him either, bakit gusto mo siyang pakasalan?"

That was the million dollar question.

Hindi naman siya matandang dalaga para maghabol ng biyahe. Lalong hindi siya nawawalan ng suitors. Walang dahilan para maging desperada siyang magkaasawa. But the urge to become a wife suddenly caught up with her after her sister Faith's wedding to Theo.

Hindi kaya naiinggit lang siya sa kapatid at gusto niyang maramdaman ang katulad na kaligayahang tinatamasa nito? The reason sounded plausible.

Bago pa niya masagot ang tanong ng binata ay dumating na ang order nila. Kinuha niya ang beer at nagsalin kaagad sa kanyang baso. Hinawakan ni Luke ang kamay niya.

"That's enough, Grace. You're already tipsy. Magkakaroon ka ng hangover bukas. Do you think he's worth having a freaking headache in the morning?"

The way he phrased the reprimand made her laugh. Hindi man lamang siya tinawag sa kanyang first name

kundi sa kanyang apelyido.

He leaned forward, forearms resting over the table. She caught a whiff of minty cologne. Nagsisimula na siyang mailang sa presensya nito. His heavy-lidded gaze skimmed her face thoroughly she would not be surprised if he blurted out the number of freckles dusting her cheeks. Sanay na siyang maging subject ng intense male scrutiny. It never bothered her.

Puwede niyang itaboy ang binata kung gugustuhin niya. Pero nakapagtatakang hindi niya ito magawang bale-walain. His hypnotic gaze held her captive.

"What?" tanong ni Murphy nang umiling ito.

"Hindi lang ako makapaniwala. Hindi mo kahawig ang kapatid mo."

Nagkibit-balikat siya. Kung facial features, magkamukha sina Faith at Thomas except for the color of their eyes. Katulad ni Murphy ay nakuha ng kapatid na lalaki ang asul na mga mata ng kanilang ama pati na ang height nito. Pero hindi katulad ng dalawa, minana niya ang pale complexion ng daddy nila pati na ang blond na buhok nito.

"Paano nga pala kayo nagkakilala ng kapatid ko?" nais malaman ng dalaga.

"Sabihin na lang nating pareho kami ng profession," simpleng sagot ni Luke.

Kaya naman pala.

"A law enforcer, huh?"

Tumango ito. No wonder he looked so physically fit, confident and capable.

Ngumiti ang binata. Naglaro ang mga paruparo sa loob ng sikmura niya. "Gusto mong sumayaw?" tanong

nito.

Isang tinig ang bumulong sa kanya na tumanggi. But Murphy was feeling wickedly adventurous tonight. And the idea of being inside his embrace was too good to resist. Isa pa, paborito niya ang love song na tinutugtog ng banda.

"Sure." Parang may sariling isip ang kanyang mga paa na kumilos at lumapit dito.

Magaan ang pakiramdam niya—iyong animo nakalutang—habang akay siya ng lalaki sa harap ng dais kung saan tumutugtog ang banda. May tatlong pares na tumayo rin para magsayaw. Lumulutang sa paligid ang nakabibighaning boses ng singer. Nagsasayaw ang mga ilaw sa kanilang paanan.

Hinapit siya ni Luke. Ipinatong niya ang mga kamay sa magkabilang balikat nito. She felt the ripple of hard muscles under his shirt, and for a moment, she was tempted to slide her hands down his biceps. As they swayed, Murphy became breathless… dizzy. Siguro dahil sa dalawang bote ng beer na nainom niya. But there was no denying that the man holding her affected her as potently as the alcohol.

It was funny because Luke was not holding her scandalously close. Yet there was something intimate with the way they were swaying slowly, her hands on his shoulders and his skimming her small waist. Heat radiated from their bodies, suffusing the air around them with heady sensuality. Lasing na nga siguro siya. Kung hindi ay mabilis siyang tatakbo palayo sa binata. Mapanganib ang atraksyong nararamdaman niya para rito.

"Masama ba'ng pakiramdam mo? Namumula ka," pansin ng kasayaw.

"I… it must be the beer."

"Gusto mong lumabas? Makakabuti sa 'yong sumagap ng sariwang hangin. Crowded na rin naman dito."

"Mabuti pa nga siguro."

Bumalik sila sa mesa. Hindi pumayag si Luke na hindi ito ang magbayad ng bill nila. Paglabas ay inalalayan nito ang dalaga palapit sa dala nitong kotse. Nagkamali si Murphy ng hakbang nang malapit na sila sa parking lot. Kung hindi siya yakap ng lalaki sa baywang ay baka tuluyan siyang nawalan ng balanse.

"Okay ka lang?" tanong nito.

Kinakapos siya ng hangin para magsalita. Tumango na lamang siya. Dapat ay lumayo na siya rito. But instead, she clung to him, gripped the sure strength of his shoulders.

Taliwas sa paniniwala ng ibang tao, magkatulad sila ng kapatid na si Faith. She took risks but not without caution. She may not always be good at reading people, but she was smart enough not to compromise herself. Something must have addled her brain. She swayed to him like a piece of iron drawn to a magnet.

"Grace…"

Tumingala siya at naghinang ang kanilang mga mata.

Luke's control snapped. His hands began to skim her back tracing the curve of her spine to the flare of her hips down to her tailbone. He bent his head. Warm lips brushed light kisses along the side of her neck.

Napahigpit ang kapit niya sa mga balikat nito. A groan escaped her throat. It seemed that it was all the

encouragement he needed. One hand moved to her nape, held a handful of her hair, tipping her head until their gazes locked and lingered. Unti-unting humina hanggang sa maging malayong ugong na lamang ang mga tinig at musikang naririnig ni Murphy sa paligid.

Wala na siyang kamalayan sa oras at lugar. She was aware only of the strong arms that held her, the lithe body complementing her every curves and the lips raining heated kisses along her skin. Umuugong ang tainga niya sa malakas na pagkabog ng kanilang mga puso na sumasabay sa mababaw at mabilis nilang paghinga.

Luke grazed her lower lip with his thumb. Her tongue darted out to taste him. He growled and his body tensed—a sign of his growing need. An answering need fluttered inside her belly, spreading to the rest of her, dissolving every bit of inhibition.

"I want to kiss you," he whispered. The ache in his voice intensified her desire.

"Then what are you waiting for?" she whispered back.

He grinned. "If I kiss you, I won't be able to stop."

In all her adult life, Murphy had never been wanton or reckless. That moment with Luke, she was both. The change in her terrified her. Yet it excited her to depths she had never felt before.

"Just kiss me," she drawled.